

PROLOGUE

Espesyal na breakfast ang inihanda ni Claudine sa umagang iyon para sa asawang si Martin. Maagarin siyang gumising, katulad ng nagdaang walong buwan nila bilang mag-asawa, upang ihanda rin ang isusuot nito. Ang asawa ang katulong ng papa nitong nagpapalakad sa engineering firm na pinaghirapang itayo ng lolo nito. Tulad niya ay nag-iisang anak din ito.

Isinangag niya ang kanin nang umagang iyon. Dinamihan niya ang bawang niyon dahil iyon ang nalaman niyang paborito ng asawa, ayon sa naging yaya nito noong bata pa ito na si Nanay Maring. Tocino ang ulam na niluto niya. Pati ang pagluto at tamang pagtimpla niyon ay itinuro rin ni Nanay Maring sa kanya. Naghiwa siya ng kamatis para maging sawsawan.

Ang chicken soup na ginawa niya ay amoy na amoy ang sarap. Natitiyak niyang kapag natikman iyon ni Martin ay gaganahan itong lalo sa pagkain. Bukod sa kape ay nagtimpla pa siya ng iced tea na siya ring paborito ng asawa.

Like her husband, she, too, belonged to a well-

to-do family. Isang negosyante ang kanyang papa at nagmamay-ari ng chain of restaurants hindi lamang sa buong Metro Manila kundi maging sa ilang karatig na lugar at probinsya. Habang ang mama naman niya ay isang accountant. Magkatulong ang mama't papa niya sa pagpapalago ng negosyo ng pamilya. Iyon at iyon ang tanging pinagkakaabalahan ng mga ito.

Lumaki siyang nakukuha ang anumang naisin niya. Ini-spoil siya ng mga magulang sa mga materyal na bagay bilang kabayaran sa kawalan ng panahon ng mga ito sa kanya. Kung si Martin ay responsable at walang iniakyat sa pamamahay ng mga ito kundi karangalan, siya naman ay happy-go-lucky at lumaking pilya.

Noong teenager pa lamang siya ay mahilig na siya sa adventures. Boring para sa kanya ang pagiging straight-A student. Wala iyong kabuhay-buhay kung kaya mas pinili niyang gumawa ng mga bagay kung saan mapapansin siya.

Those were the days na binabalik-balikan na lamang niya ngayon sa isipan. Ngayon, at the age of twenty-three, ay isa na siyang maybahay. Maybahay ng isang responsable at mabuting lalaki, ang tanging lalaking minahal niya.

Magkaibigan ang pamilya nila ni Martin. Magkatapat lamang ang mga bahay nila. At dahil nga nag-iisang anak ay lumaki siyang walang kalaro kung kaya ito ang iniistorbo niya kahit pa nga anim na taon ang tanda nito sa kanya. Tino-tolerate naman nito ang kakulitan at kapilyahan niya. Madalas pa nga ay ito ang nagpapayo sa kanya na pagbutihin ang pag-aaral at tigilan ang pakikipagbarkada.

Ito ang tumayo niyang kuya kahit pa labag iyon sa kalooban niya. Paano ba naman niya gugustuhing maging kuya-kuyahan si Martin, mula nang magkaisip siya ay hinangaan na niya ito?

Inakala ni Claudine na hindi na lalagpas pa sa simpleng crush ang nararamdaman niya para dito. Ngunit nang tumuntong siya sa kolehiyo ay unti-unti niyang namalayang umiibig na siya kay Martin. Ngunit si Hannah na anak ng labandera nina Martin ang minahal nito.

Nahinto siya sa isiping iyon nang marinig ang pag-ingit ng papabukas na pinto ng ginagamit nilang silid ni Martin. Sa isang condominium unit sila tumira ni Martin matapos ang kanilang kasal. Nang mag-angat siya ng tingin mula sa inaayos na pagkain sa mesa ay nakita niyang nakalabas na si Martin. Napatingin ito sa kanya.

Napakaguwapo ng kanyang asawa sa suot nitong asul na long-sleeved polo at black slacks. Clean-cut ang gupit nito. Marami nga ang nagkaka-crush dito sa subdivision nila noon, dahil bukod sa talagang guwapo ay mabait pa ito.

Nalungkot si Claudine nang matantong, katulad ng dati, hindi ang inihanda niyang damit ang suot nito ngayon papasok sa opisina. Ngunit sa kabila niyon ay hindi pa rin siya nagsasawang paulit-ulit na ihanda ang isusuot nito.

At katulad din ng dati kahit nakahanda na ang almusal sa mesa ay hindi nito kinain iyon. Kaagad na itong nagpapaalam matapos sabihing sa opisina na lamang ito mag-aalmusal.

Nanghihinang napaupo siya sa silya pagkaalis ng asawa. Isa iyon sa pinakamalaking pagbabago sa pagitan nila ni Martin. Mula nang maging mag-asawa sila ay hindi na naging maganda ang trato nito sa kanya. Kibuin-dili lamang siya nito. Maaga itong aalis ng condo at gabing-gabi na kung umuwi.

Kung may pinakamalaki mang regret si Claudine, sa hakbang na ginawa niya na naging dahilan kung bakit siya ang asawa ngayon nito at hindi si Hannah, iyon ay ang pagkakaibigan nila. Ang maganda nilang samahan na para bang hindi nangyari.

Tumulo ang luha sa kanyang magandang mukha. Ang mga pagkaing hindi nagagalaw ni Martin ay ibinibigay na lamang niya sa mga guards sa building na iyon.

Sa kabila niyon ay maghahanda at maghahanda pa rin siya ng dinner para kay Martin. Umaasa siyang darating din ang araw na uuwi ito at masiglang kakainin ang pagkaing inihanda niya. Na makikita niya rin itong muling ngumiti sa kanya. Na isang araw, babalik din ang lahat sa dati.

Napabuntong-hininga si Claudine. God knows she had no plans of taking Martin away from Hannah. But something happened and she had to save Martin. Ginawa lang niya ang inakala niyang tama.

Hindi tuloy niya naiwasang balikan kung paano humantong sa ganito ang lahat....

1

“Bakit ganyan ang hitsura mo?” bungad ni Monique nang sadyain ni Claudine sa bahay ang kanyang bestfriend. Tinungo nila ang hardin at pasalampak na naupo sa ibabaw ng mumunting mga damo. “Daig mo pa’ng namatayan, ah.”

Sabado iyon kaya naabutan niya ang kaibigan. Mula Lunes hanggang Biyernes ay nagtatrabaho ito sa isang lending company. Graduate ang kaibigan ng Business Management samantalang Computer Science naman ang tinapos niya. Ito ay nagtrabaho kaagad after graduation. Samantalang siya ay pabisi-bisita lamang sa restaurants nila sa pakiusap na rin ng kanyang papa. Abala rin siya sa pag-design at pag-develop ng mga websites.

“What’s wrong, Claud?” narinig niyang tanong ni Monique sa kanya. “Don’t tell me this is about Martin again, huh?”

Hindi lingid sa kaalaman ni Monique ang damdamin niya para kay Martin. Ito ang nakasaksi nang umiyak siya nang husto nang malaman niyang mahal na mahal ni Martin ang nobya nitong si Hannah.

“What’s new?” anito. “You love Martin but you couldn’t take the risk to tell him how you feel. Then you found out he loves somebody else. Imbes na kalimutan siya, patuloy mo siyang minahal. At hanggang ngayon, gan’on ang sitwasyon. Don’t you think dapat mo nang itigil ‘yan, Claud? Move on, girl! You’re attractive and beautiful! Sinasayang mo lang ang ganda mong ‘yan sa lalaking hindi naman mapapasaiyo!”

Hindi nakakibo si Claudine sa mga sinabing iyon ng kaibigan. Totoo ang lahat ng sinabi nito. Mahal niya si Martin ngunit si Hannah ang mahal nito, ang anak ni Aling Idad na labandera nina Martin. Unlike them, lumaki sa isang mahirap na pamilya si Hannah. Nakapagtapos ito sa kolehiyo sa ilalim ng foundation na itinatag ng mga magulang ni Martin na sina Tita Lani at Tito Pancho.

Ngayon ay nagtatrabaho na sa isang bangko si Hannah at natigil na rin sa pagiging labandera ang inang si Aling Idad. Maganda si Hannah. Simple lang kung manamit at mag-ayos. Hindi ito makabasag-pinggan kung titingnan. Ngunit ewan ba niya pero hindi mapalagay ang loob niya sa babae.

Puwede sana silang naging magkaibigan ngunit hindi niya maipaliwanag kung bakit nararamdaman

niyang hindi siya gusto ni Hannah. At ganoon din naman siya rito.

Hindi naman iyon dahil sa pagiging mahirap nito. Kilala niya ang sarili at kahit minsan ay hindi siya nangmata ng kahit na sino. Hindi siya matapobre. At lalong hindi siya namimili ng kaibigan. Ngunit talagang hindi niya magustuhan si Hannah. Kahit pa nga nauna na noong sinabi sa kanya ni Martin na puwede silang maging magkaibigan nito ay hindi pa rin nangyari.

Sa tuwing nagkakaharap sila ni Hannah ay kakaiba ang pakiramdam niya. She was nice to everyone most especially to Martin. Madalas itong nakangiti. Maamo ang mukha nito at mahinhin kung kumilos. But call it gut instinct or women intuition, may nararamdaman talaga siyang mali sa pagkatao ni Hannah. Na para bang iba ang tunay na pagkatao nito kaysa sa ipinakikita sa lahat.

Pakiramdam niya ay tumatalim ang mga mata ni Hannah kapag nakatingin sa kanya. Hindi niya alam kung paranoid lang siya dahil ito ang pinagtutunan ng pansin ni Martin o ano. Nang malaman nga niyang nobya na ito ni Martin ay tila ba lalong nagkaroon ng imaginary wall sa pagitan nila ni Hannah.

Minsan pa nga ay naabutan sila nitong

nagtatawanan ni Martin. At hindi siya maaaring magkamali. Tinitigan siya nang masama ni Hannah. It was like she was secretly telling her to back off from Martin. That Martin was hers and hers alone.

Para bang lumakas ang loob nito mula nang maging nobya ito ni Martin. Kung hindi nga nakaharap si Martin, kung umasta ito ay tila ba mayaman na rin. Ngunit lahat ay natutuwa dito dahil sa pagiging kimi at mahinhin nito. Mabait na mabait ang pakikiharap nito sa lahat.

Kaya alam niya na kapag may pinagsabihan siya ng obserbasyon niya about Hannah ay pag-iisipan siya nang masama. Iisipin pang sinisiraan niya ito.

Ngunit kitang-kita niya ang pagmamahal ni Martin kay Hannah. Palagi nitong sinasabi sa kanya na napakasimple lamang ni Hannah na siya nitong hinahanap sa isang babae. Wala raw kaarte-arte. Mabait at mahinhin. Mapagkakatiwalaan. Gustung-gusto din ng binata ang klase ng pananamit ni Hannah.

Ang totoo, kitang-kita talaga ang kabaligtaran nila ni Hannah kung ipagkukumpara sila. Maingay siya at magulo. Spoiled brat. Samantalang hindi naman makabasag-pinggan ang babae. Kapag magkasama sila ni Martin ay kung anu-anong

kapilyahan ang sinasabi niya.

Kinukuwento pa nga niya sa binata ang lahat ng mga kalokohan at kapilyahang ginawa niya. At kahit gaano pa ka-busy si Martin sa trabaho, lagi itong may time para makinig sa mga hang-ups niya sa buhay. And she loved him for that and for a hundred reasons more. Mahal niya ito hindi lamang sa magaganda nitong katangian kundi dahil iyon ang nararamdaman ng puso niya. At masakit para sa kanya ang isiping natagpuan nito ang babaeng pinapangarap sa katauhan ng iba. Hindi sa kanya.

“Hay, naku, Claud, extreme ka talagang babae ka,” narinig niyang turan ni Monique. “Kapag nag-ingay at dumaldal ka, parang walang kinabukasan. Pero kapag tumahimik ka naman kahit papakin ka yata ng mga lamok, eh, hindi ka gagalaw o kikibo. Si Martin na naman ba?”

Malungkot siyang tumingin kay Monique. Pagkatapos ay malungkot ding tumango dito.

“Hay, sabi ko na nga ba,” tumitirik ang mga matang turan ng kaibigan. “May bago pa ba? Iisang tao lang naman ang nakakapagpasaya sa ’yo nang husto at iyong tao ding iyon ang nakakapanakit sa ’yo nang ganyan.”

Nanatili siyang hindi kumikibo. Ang totoo parang sasabog na ang dibdib niya sa sobrang sakit na nararamdaman niya. Nahihirapan na nga siyang huminga.

“Nakita mong magkasama sina Martin at Hannah?” hula ni Monique.

Umiling siya.

“Nakita mo silang naghahalikan?” nanlalaki ang mga matang tanong pa nito.

Sunud-sunod na iling ang ginawa niya. Although, kung iyon nga ang nangyari ay tiyak na masasaktan din siya nang husto. But what she found out was the worst.

“Wait a sec, hindi naman siguro sila nag-break kasi kung ganoon ang nangyari tiyak na nakangiti ka at hindi ganyang parang pasan mo ang mundo. Oh my gosh!” biglang bulalas ni Monique pagkatapos ay natutop nito ang sariling bibig. “Don’t tell me nalaman mong buntis si Hannah?”

“Monique, naman, eh,” reklamo niya. “Puro ka naman biro diyan.”

“Eh, paano naman, I keep on guessing. Hindi mo na lang sabihin ‘yang pinagkakaganyan mo. Ano

ba kasi'ng nangyari?"

Malungkot at hirap na hirap ang loob na bumuntong-hininga siya. Pagkatapos ay napatingin siya kay Monique.

"Ano?" naghihintay na sabi nito.

"They're getting married, Monique," sa wakas ay nasabi rin niya. "Martin's getting married..." Pagkatapos niyon ay hindi na niya napigilan ang pagtakas ng luha mula sa kanyang mga mata.

Kaagad namang nakalapit ang kaibigan sa kanya. "Oh my," bulalas nito. "I'm sorry, Claud. I didn't know. Geez, I'm so insensitive," nag-aalalang turan nito.

"I knew it was coming," aniya. "Pero kapag narinig mo na pala, sobrang sakit. Ang hirap..."

"Kanino mo nalaman? Sino'ng nagsabi sa 'yo? Si Martin ba?"

"I heard it from my mom. Iyon ang pinag-uusapan nila ng Papa kanina over breakfast. Nabanggit nila na nagpaplano na ngang magpakasal sina Martin at Hannah. Bakit gan'on? Bakit kailangan pa akong masaktan sa balitang iyon? Dapat matanggap ko na hindi para sa akin si Martin. Na si Hannah ang mahal

niya at parang kapatid lang ang turing niya sa akin. Pero bakit hindi ko magawa, Monique?” helpless na turan niya sa kaibigan.

“Claud, siguro dahil talagang mahal mo siya. Masakit naman talaga na iyong mahal mo ay may mahal na iba. Kailangan mo nang tanggapin ang lahat. Napakaraming gustong maging malapit sa ‘yo pero ikaw ‘tong lumalayo. Hayaan mo ang sarili mo na lumaya na. Meet other guys. Go out and date. One day, when you look back at this time, mare-realize mo na hindi si Martin ang para sa ‘yo...”

“Ang hirap, eh. Ang sakit-sakit...”

“Claudine, magpaalam ka na kay Martin. Simulan mo nang kalimutan ang damdamin mo para sa kanya para makapagsimula ka na rin. Or if you want, tell him how you feel without expecting anything, and move on. Baka kapag nailabas mo na ang damdamin mo para sa kanya ay tuluyan ka nang makalaya at makapagsimula nang harapin ang buhay mo,” payo ni Monique.

Iyon na rin ang nasa isip niya. Ang totoo, alam niyang hindi siya matatahimik hangga’t hindi niya nasasabi kay Martin ang tunay na nararamdaman para dito. She loved him and she wanted him to know that. Pakiramdam niya ay doon lamang siya

makakalaya.

“Whatever your decision is, nandito lang ako sa tabi mo, Claud,” ani Monique. “Aalalayan at tutulungan kita.”

Tumangu-tango siya. “Thanks,” pinilit nguming sabi niya.

“So, what will it be? Are you going to tell Martin?”

Napabuntong-hininga siya kasabay ng pag-iling. “I really don’t know yet, Monique. Right now, nahihirapan pa rin akong tanggapin ang idea na ikakasal na si Martin kay Hannah. Ang malaman nga lang na may nobya na siya ay masakit na, asawa pa kaya. It’ll only mean one thing, Monique,” puno ng lungkot ang mukha at tinig na turan ni Claudine. “I would have to say goodbye to Martin forever. Hindi ko alam kung paano ko gagawin ‘yon.”

“Okay,” ani Monique. Itonaman ang nagpakawala ng buntong-hininga. “Relax ka muna. Kung gusto mong mamasyal at mag-unwind para makalimutan ang tungkol sa bagay na iyan, sasamahan kita. Basta pilitin mo munang i-relax ‘yang isip mo para makapag-decide ka on what you’re going to do next.”

“Salamat,” muli niyang tugon.

“What am I here for, huh?” tatawa-tawang turan nito. Laking pasasalamat niya at may tao siyang puwedeng kausapin at paghingahan pagdating sa issue ng damdamin niya kay Martin.

Habang patuloy siyang nililibang ng kaibigan ay unti-unti na siyang nakabuo ng isang desisyon. Hindi siya matatahimik hangga’t hindi niya tuluyang napapalaya ang nararamdaman niya para kay Martin. Ayaw niyang pagsisihan balang araw ang hindi pagamin ng nararamdaman niya para sa binata.

2

“What’s wrong, Claudine?” kaagad na turan Martin nang puntahan siya nito sa bar kung saan siya naroon matapos niya itong tawagan. Iyon ang araw na itinalaga niya upang ipagtapat sa binata ang nararamdaman.

At hindi niya iyon magagawa kung walang konting tulong mula sa alak. Kaya naman nagsadya siya sa bar kung saan sila madalas nina Monique noong college pa sila. Hindi talaga siya umiinom kaya ilang shot pa lang ay umiikot na ang paningin niya.

Nang maramdaman ang ispiritu ng alak sa katawan ay kaagad na niyang tinawagan si Martin. Kasalukuyan pa itong nasa trabaho. Sinabi pa nitong busy ito at tatawagan na lang siya kapag free na.

Ngunit hindi na niya maaari pang ipagpaliban sa ibang araw ang gagawin. Kaya pinalabas niyang may emergency kaya kailangan nitong puntahan siya sa bar. Pagkatapos niyon ay hindi na niya ito binigyan pa ng pagkakataong sumagot. Kaagad na niyang pinatay ang linya.

Martin had always been there for her. Kid sister pa nga ang madalas nitong itawag sa kanya kapag nilalambing siya nito. Kaya naman alam niyang kahit gaano pa ito ka-busy ay hinding-hindi siya nito matitiis.

At hindi naman siya nagkamali dahil heto at narito na sa kanyang harapan si Martin. Kung sana nga ay naroon ito dahil mahal siya nito bilang isang babae at nag-aalala ito, wala na sigurong mas sasaya pa sa kanya. But she knew very well that Martin came because he was worried about her.

Nang akmang iinom pa siya ng isang shot ng alak ay maagap na siya nitong pinigilan. Kinuha nito ang hawak niyang maliit na baso na may lamang alak at inilayo iyon sa kanya.

“Claud, I’ll take you home,” anito.

“Mart—”

“I will take you home,” puno ng awtoridad na turan nito. Matapos nitong maglabas ng pera at ilapag iyon sa counter ng bar kung saan siya nakapuwesto ay hinila na siya nito palabas sa lugar na iyon.

“Where’s your car?” tanong nito sa kanya nang makalabas sila.

“Wala akong dalang sasakyan,” tugon niya. Sinadya niya talaga na hindi dalhin ang kotse niya. Kailangang isang kotse lamang ang gamitin nila ng binata para maihatid siya nito at masabi niya ang balak na sabihin dito.

“Good to know,” narinig niyang turan ni Martin habang hindi pa rin binibitawan ang kamay niya. Hila-hila pa rin siya nito papunta sa nakita niyang nakaparadang kotse nito. “Mabuti naman at naisip mo pang huwag magdala ng kotse ganyang balak mo palang uminom. Pero hindi ka nga magmamaneho, magta-taxi ka naman. Paano kung ang masakyan mo, eh, lokong driver at samantalahin ang kalasingan mo? May magagawa ka ba d’on, ha, Claud?”

Nahimigan na niya ng galit ang boses nito. Alam niyang iyon na ang simula ng mahabang sermon. Ganoong-ganoon ang ginagawa nito kapag nakakarating sa kaalaman nito ang kalokohang ginagawa niya.

“Kailan ka ba talaga magseseryoso, ha, Claud?” narinig niyang patuloy nito. “Dapat ay maging responsible ka na. Hindi ka na teenager na parelax-relax, pagimik-gimik at pabarka-barkada. You should act your age. At sa ganyang edad dapat ay mature ka na. Iniisip mo na dapat iyong career mo. You really

disappoint me this time, Claudine.”

Hinayaan niya lamang itong magsalita nang magsalita. Pina-practice na kasi niya sa isip kung paano sisimulan ang gagawing pagtatapat dito.

“Sakay,” anito nang makalapit sila sa kotse at maibukas nito ang pinto sa passenger’s side. Obvious na galit ito sa kanya.

Ang pagiging immature at brat niya marahil ang ilan sa dahilan kung bakit hindi man lamang siya nito mapansin bilang isang babae.

Hindi naman talaga ako immature, eh! piping pagtatanggol niya sa sarili sa isip. Makulit siya at madalas na gustong magpapansin dahil sawang-sawa na siyang iniwan lang sa isang tabi kasama ang mga katulong. She always wanted to go out and be with her friends. Dahil wala naman siyang kasama sa bahay kahit noong maliit lang siya. Walang inatupag ang parents niya kundi ang palaguin nang palaguin ang negosyo ng mga ito.

Pero sa kabila niyon ay hindi naman niya napabayaang kanyang pag-aaral. Naka-graduate siya on time at wala naman siyang bagsak na subjects.

Kung naging katulad kaya siya ni Hannah na simple, mahinhin at walang kibo ay magugustuhan

din kaya siya ni Martin? Kung hindi kaya siya sobrang pilya at spoiled brat ay sa kanya kaya napapunta ang atensyon ni Martin at hindi kay Hannah?

Ganoon nga kaya? malungkot na tanong niya sa isip.

Pero hindi nga siya katulad ni Hannah. Simple lang naman siya talaga at hindi katulad ng iniisip ng marami na sosyal at kumplikado ang gustong mga bagay. Hindi nga marahil siya simple kung manamit at mahinhing kumilos na katulad ni Hannah ngunit mababaw lang ang kaligayahan niya at madali lang siyang i-please.

Simple lang din naman ang mga pangailangan niya.

Pagmamahal ng isang pamilya. Ng isang kaibigan. Kung may kumplikado man, iyon ay ang paghahangad niya sa pagmamahal ni Martin gayong alam niyang iba ang nagmamay-ari ng puso nito.

Derecho lamang tingin niya sa daan habang nagmamaneho si Martin. Kanina ay alam na niya kung paano magsisimula sa pagtatapat ng damdamin niya dito ngunit ngayon ay tila umurong ang dila niya.

“May problema na naman ba, Claudine?”

narinig niyang tanong sa kanya ng binata. Ang buong atensyon niya ay nasa gagawing pagtatapat ng damdamin dito kung kaya bahagya niya lamang narinig ang tinuran nitong iyon. Hindi rin naman siya gaanong maka-concentrate dahil nahihilo pa rin siya dulot ng nainom na alak. “Claud?” pukaw nito sa diwa niya.

“H-Ha?” pabigla niyang bulalalas.

“Tinatanong ko kung may problema ka ba?” anito.

“W-wala...”

“Nakagalitan ka ba ng Tita Vangie?” tukoy nito sa mama niya.

Umiling siya.

“Ng Tito Rodel?” sunod na banggit nito sa papa niya. Muli siyang umiling.

“May nakaaway ka ba?”

“Wala.”

“Brokenhearted ka?” tanong nito sabay lingon sa kanya.

Bull’s eye! sigaw ng isang bahagi ng isip niya. Hindi siya nakakibo sa sinabi nito. Kung alam

lamang nito na tinamaan ang eksaktong sagot sa tanong nito!

“Don’t tell me, this time ay na-in-love ka na at ang lalaking minahal mo ay may girlfriend ng iba? Tama ba ako?” patuloy na hula nito.

Magaling palang manghula ang lalaking ito! sa loob-loob ni Claudine. Pero bakit hindi mo mahulaan na ikaw ang lalaking iyon! Manhid! Nuknukan ng manhid!

Umiling na lamang siya.

“Then, what’s wrong? Bakit umiinom ka? Bakit mo ako tinawagan at sinabing emergency call iyon. Pinag-alala mo ako nang husto. Lalo pa nang sabihin mong nasa isang bar ka. You know you can always talk to me,” muli nitong pagpapatuloy.

“Kung anuman ang problema, puwede mo akong puntahan at tawagan anytime you need me. Pero hindi iyong katulad ng ginawa mo kanina. Tatawagan mo ako, nakainom ka na at nasa bar ka pa. Ka-dalaga mong tao. Hindi na ito iyong mga panahong teenager ka pa at nagrerebelde. This time ay nasa husto at tamang pag-iisip ka na. Act responsibly, Claudine,” sermon pa nito.

Kuya na kuya talaga ang dating, iiling-iling na

sabi niya sa isip. Nakaramdam na siya ng iritasyon dahil kung pagsalitaan siya nito ay para bang napakairesponsible niya at ni minsan ay wala pa siyang ginawang tama.

Paulit-ulit nitong ipinagdidikdikan na kung umasta siya ay parang teenager pa rin. Parang katulad na rin ito ng mama't papa niya. Halos buong buhay niya ay absent ang mga ito sa buhay niya pero kung magsalita ay para bang kilalang-kilala siya.

“Paano kung maka-encounter ka ng mga lalaking loko at ginawan ka ng masama? Paano kung iyong mga lumalapit sa 'yo na hindi mo naman kilala sa loob ng bar na iyon, eh, lagyan ng kung ano iyong iniinom mo? May magagawa ka pa ba? Makakalaban ka ba?” patuloy na sermon nito sa kanya.

Hindi tuloy siya maka-concentrate sa gagawing pagtatapat. Pakiramdam niya ay nawawala ang hilo niya sa klase ng panenermon nito.

At kapag nawala ang hilo niya ay tiyak na kasabay niyong mawawala ang tapang na nakukuha niya sa ispiritu ng alak. Hindi niya ngayon masasabi ang damdamin dito. Hindi niya alam kung kailan pa ulit siya magkakaroon ng lakas ng loob.

“You should think about the consequences of

your actions,” hindi pa rin tumitigil na turan ng binata habang pasalit-salit ang tingin nito sa kanya at sa daan. “Bago mo pa gawin ang isang bagay, dapat ay pinag-iisipan mo iyong mabuti. Hindi iyong ganyang bigla mo lang naisipan ay gagawin mo na agad. You’re not a sixteen-year-old kid anymore, twenty-two ka na, for crying out loud!”

“I have my reasons why I went to that bar and drank a bit of wine,” mahinang tugon niya.

“A bit of wine?” nanlalaki ang mga matang bulalas nito. “A bit of wine lang ang tawag mo sa nainom mo, eh, ni hindi mo na nga maiderecho iyong paglakad mo kanina.”

“Exaggerated ka naman,” pagla-lighten ni Claudine sa mood ni Martin. Hindi niya alam kung paano niya maipapasok ang pagsasabi ng nararamdaman para dito.

“Iyon ang totoo,” kaagad nitong sabi. “And may I just remind you, brat, that I may not always be around to help you.” Brat ang nakasanayan nitong itawag sa kanya kapag may nagagawa siyang kalokohan o kapilyahan at napagsasabihan siya nito. “Paano kung wala ako? Paano kung hindi mo ako matawagan? Paano kung hindi kita mapupuntahan sa tuwing kailangan mo ako?”

Nalungkot siya sa isiping iyon. Nakakalungkot isiping darating iyong time na hindi na niya puwedeng basta-basta tawagan na lang si Martin.

Oh, Martin, how can I go on with my life without you? How can I move on with my life knowing you'll soon be married to Hannah?

“Dapat maging responsible ka na, Claud. Dapat maging independent ka. Dahil darating iyong time na kailangan mong mag-rely sa sarili mo. Wala ang parents mo at—”

“Correction, Martin, they’ve never been present in my life, remember?” di-napigilang singit niya.

Narinig niya ang pagbuntong-hininga ng katabi. “Dapat ay tapos na ang pagmamaktol mo, Claudine. You’re an adult now. Dapat ay hindi mo isisi ang lahat sa parents mo. Yes, malaki ang pagkukulang nila sa ’yo. Ngunit hindi iyon sapat na dahilan para hanggang sa ganyang edad ay magrebelde ka. Kapag may hindi ka nagustuhan, takbo ka sa bar. Inom ng alak. Be responsible naman.”

Nagsimula na siyang makaramdam ng sakit sa mga binitiwang salitang iyon ni Martin. Ngayon niya lamang na-realize na ganoon pala kairesponsible ang tingin nito sa kanya. Kung pagsabihan siya nito

ay para talagang isang musmos na wala pang isip.

“Maisip ko pa lang kung anong kapahamakan ang naghihintay sa ’yo sa mga pinaggagagawa mo ay nagagalit na ako,” madiin at seryosong turan pa ng binata.

“Uminom ako dahil... dahil kailangan ko ang tulong ng alak,” mahina at hindi tumitingin ditong umpisa niya.

It was now or never. Sasabihin na niya kung ano ang tunay na nararamdaman para dito. Gusto na niyang makalaya ang damdamin niyang iyon para sa binata. She wanted it out in the open. Ayaw na niyang itago pa iyon. Sobra na siyang nahihirapan.

“What?” mariing bigkas nito. “At kelan pa may naitulong na maganda ang alak, ha, Claud?”

“Dahil kailangan ko ng tapang para... masabi ang isang bagay.”

“At alak ang makapagbibigay sa ’yo ng tapang na sinasabi mo, ganoon ba?”

“Yes.”

“I don’t believe this,” nailing na turan ni Martin. “Hindi kaya pagiging duwag ang humingi ng tulong sa alak, Claudine?”

“Call it whatever you want, Martin. Uminom ako dahil may gusto akong sabihin sa ’yo,” aniya. Abut-abot ang kabang nararamdaman niya. Halos hindi na siya makahinga sa sobrang kaba at nerbyos.

Hindi niya alam ang kahihinatnan ng gagawin at sasabihin niya. Ngunit hindi na siya makakapag-back out pa sa kanyang pagtatapat. She had to tell him now!

“Bakit kailangan mo pang magpunta sa bar at uminom ng alak para lang sabihin sa akin ang isang bagay? You know you can always talk to me, don’t you? You didn’t have to go through all—”

“I know... I know,” tugon ni Claudine. “But this one’s different.”

“Different? In what sense?”

“Martin?” aniyang derecho ang tingin sa daan.

“What is it? Tell me.”

“I love you.”

3

“W-what?” gulat na gulat na bulalas ni Martin nang marinig ang sinabi ni Claudine. Mahina lamang ang pagkakabigkas niya ng mga katagang iyon. But she knew he clearly heard it. “What did you just say?” mas mahina nang turan ng binata.

“I love you, Martin,” muling ulit niya. And this time, she was looking at him when she uttered those words.

“Y-you can’t be serious, Claudine,” iiling-iling na di-makapaniwalang turan pa nito. “Is this one of your jokes? Well, I’m telling you, Claudine, this isn’t funny.”

“I am not joking, all right. I love—”

“Stop it, Claud. I don’t want to hear it again!”

“I love you, Martin!” malakas na turan niya. Derecho ang tingin dito. “Mahal na mahal kita! Naririnig mo ba ako? At hindi ito pagmamahal para sa isang nakatatandang kapatid. Noon pa! Minahal na kita noon pa! At hirap na hirap na ako sa pagtatago ng damdaming ito. I know you’re getting married but still gusto kong malaman mo na mahal kita.

Na wala akong ibang minahal kundi ikaw lang!” lumuluha nang turan niya.

Sa sobrang pagkagulat ni Martin ay bigla nitong naihinto ang sasakyan. Pagkatapos ay napatitig ito sa kanya, partikular sa kanyang mukha. Wari ay hinahanap nito ang katotohanan sa kanyang mga mata.

At nang marahil ay makita nito na seryoso siya at hindi nagbibiro ay napailing-iling ito.

“Mahal kita, Martin,” mahinang ulit niya. “Mahal na mahal kita...Matagal na...” Pagkatapos niyon ay hindi na niya nakayanan ang emosyon. Lumabas siya ng kotse at sumandal sa gilid niyon.

Tuluy-tuloy ang pagtulo ng luha niya. Damang-dama niya ang panginginig ng buong katawan. Nasabi na niya ang nararamdaman para kay Martin. Naipaalam na niya ang lahat ng laman ng puso niya.

Nakaramdam siya ng paglaya sa ginawa. Ngunit higit ang sakit na kanyang nararamdaman sa mga sandaling iyon. Hindi kasi maalis-alis sa isip niya ang expression ng mukha nito nang marinig ang pagtatapat niya. Shock was written all over his face. More than that, nakikita niya na hindi nagustuhan ng lalaki ang ipinagtapat niya.

At iyon ang labis na dumudurog sa kanyang puso. Nang marinig niya ang pagbukas at pagsara ng pinto sa driver's side ay kaagad niyang pinahid ang mga luha. Hanggang sa makita niya sa gilid ng kanyang mata si Martin. Sumandal din ito sa kotse ilang dangkal mula sa kanya.

Ilang beses niyang narinig ang pagbuntong-hininga nito.

“I don't know what to say, Claudine,” tila ba hirap na hirap na sabi nito.

“Actually, you don't have to say anything, Mart,” aniya. “Sinabi ko lahat iyon hindi para maghintay ng katugon mula sa 'yo. Malinaw pa naman ang isip ko. Alam ko kung gaano mo kamahal si Hannah. I don't have any plans na agawin ka sa kanya o sirain ang relasyon ninyo. This wasn't a desperate act,” pagpapaunawa niya.

“Claud—”

“I decided to tell you how much I love you dahil hindi ko na iyon kaya pang itago. I don't want to grow old without telling you how you mean to me. Nahihirapan ako na nandito lang iyon sa dibdib ko. Ayokong may itago pa sa 'yo, Martin. But don't get me wrong. Wala akong hinihinging kapalit,” hirap

na hirap din ang kaloobang paliwanag niya.

Ngayon niya lamang napatunayang napakahirap palang ipagtapat ang nararamdaman mo para sa isang tao gayong alam mong wala rin iyong kahihinatnan. Telling Martin that it was okay when in fact she was not, was one of the hardest things she had ever done.

“Claud, baka nagkakamali ka lang,” narinig niyang sabi ng lalaki. Lumapit ito sa kanya at hinarap siya. Hindi niya inaasahan ang narinig na iyon mula dito. “Nandito ako palagi when you feel like no one could understand you. I am always there to listen to your problems. Maybe you’re just grateful, Claud. Maybe you’ve mistaken that for love...”

Hindi siya makapaniwala sa naririnig. Pakiramdam niya ay minamaliit nito ang damdamin niya. Ganoon ba talaga kababaw ang pagkakakilala nito sa kanya?

“Mart, I maybe a lot of things but I know what I feel,” aniya.

“It’s okay, Claud,” tilabatalagangnakakaunawang turan ni Martin. “Normal lamang na humanga ka sa akin. Dahil ako iyong lalaki na unang nakilala at nakasama mo. I have always been there for you.

Maybe, in one way or another, I've become someone you looked up to. Dahil nga palaging wala ang papa mo. Hinangaan mo ako, ganoon. And I can understand that, Claudine.

“Pero hindi pag-ibig ang tawag diyan sa nararamdaman mo. The right word is infatuation. You'll find out soon that I'm just the brother you never had. Kapag nakilala mo na iyong lalaking talagang mamahalin mo, makikita mo, pagtatawanan mo na lang ang araw na 'to na sinabi mong mahal mo ako...”

Lalong hindi niya nagustuhan ang sinabing iyon ni Martin.

“You know what, Martin, I didn't tell you how I feel just to be insulted. Ikaw na rin mismo ang nagsabi, hindi na ako bata. At hindi bigla ko na lang itong naramdaman.”

“Claud, you don't understand—”

“Hindi ko sinabi 'to sa 'yo para mamroblema ka. Kung wala kang magandang sasabihin, don't say anything at all. Let's finish this conversation with the fact that I am in love with you ever since highschool. That's it. And to tell you honestly, sinabi ko lahat sa 'yo 'to to finally move on. I know you're

getting married. Don't worry about me. Let's just get on with our lives..."

"Claudine—"

Bagopa nito nasimulan ang sasabihin ay ibinukas na niya ang pinto ng kotse. "Umuwi na tayo, Mart," aniya sabay pasok na sa loob ng kotse.

Wala itong nagawa kundi ang pumasok na rin sa loob ng sasakyan. "Claudine—"

"Mart, please... Nasabi ko na kung ano ang gusto kong sabihin. Narinig ko na rin ang reaksyon mo. Tama na iyon para sa akin," kaagad niyang sabi.

Muli niyang narinig ang pagbuntong-hininga ng kausap. Wala silang kibuan habang nasa daan sila. Hindi niya alam kung ano ang iniisip ngayon ni Martin sa kanya. Hindi niya alam kung nagtatawa ba ito dahil sa ipinagtapat niya o naaawa ito sa kanya dahil hindi nito makakayang tugunan ang damdamin niya. Naipagtapat na niya dito ang lahat ngunit naroon pa rin ang labis na sakit sa kanyang dibdib. Dulot iyon ng ipinakita nitong pagdududa sa kanyang damdamin.

Infatuation? Hindi niya mapaniwalaan ang sinabing iyon ng binata. Kung infatuation lamang iyon ay bakit ganoon na lamang katindi ang

pagmamahal na nararamdaman niya para dito? Masakit na iniuugnay nito ang damdamin niya sa pagiging impulsive at spoiled brat niya.

Nang huminto ang kotse sa tapat ng bahay nila ay kaagad na siyang bumaba. Dere-derecho siya sa gate nila. Kaagad namang nakasunod sa kanya si Martin.

“Claudine, c’mon, let’s not leave the issue like this. I’m sorry kung nasaktan kita o napagalit kita. What I’m just trying to tell you is that maybe hindi mo pa nabibigyan ng pagkakataon ang sarili mo to meet other guys. I think sa pamamagitan niyon ay mare-realize mo that what you feel for me is—”

“Isang beses mo pang ulitin na infatuation lang ang nararamdaman ko para sa’yo, talagang magagalit na ako. Bakit ba hindi mo na lang tanggapin na talagang mahal kita at totoo ang nararamdaman ko. I’m not asking anything from you, all right? Kung natatakot ka na baka guluhin ko kayo ni Hannah, ipanatag mo ang loob mo. Hindi ko hinihingi sa’yo na suklian mo ang pagmamahal na iyon. I know how much you love Hannah and that you’re getting married soon. I respect that. Honestly, I’m happy for both of you. And I wish you well.”

Iyon lang at tumalikod na siya. Ipapasok pa

lamang niya ang susi sa keyhole ng gate nila ay muli niyang narinig na tinawag siya nito.

“Claud, please I don’t want it to end this way. Honestly, nagulat ako talaga. Ang totoo nahihirapan ako...”

Kita niya na parang naguguluhan pa rin ang lalaki. “Mart, hindi mo naman kailangang mahirapan, eh. You don’t have to worry about me. Really. I mean it. Pero isa lang ang ipapakiusap ko sa ’yo.”

“Tell me,” kaagad nitong turan.

“Huwag mo namang maliitin o pagdudahan ang nararamdaman ko para sa ’yo. Respect it. That’s all I’m asking. Aaminin ko, nasasaktan ako. Hindi lang iilang beses na umiyak ako dahil iba ang mahal mo. Pero malinaw ang isip ko. Masaya ako na natagpuan mo na ang kaligayahan mo. At wala akong balak na hadlangan iyon. I swear.”

“Oh, Claud...” anitong marahan siyang kinabig at niyakap. “You know how much I love you, don’t you?” anitong puno ng concern ang tinig.

Doon na tumulo ang mga luha niya. Yes, she knew that. Alam niyang mahal siya ni Martin. She knew he cared for her. Hindi nga lang sa paraang gusto niya.

“You’re the sister I never—”

“Please, Mart. Just for once, don’t tell me that. Nasasaktan ako...” lumuluhang sabi niya.

“Claud...”

“I love you, Martin. Hindi ko alam kung hanggang kailan kita mamahalin. Hindi ko alam kung kelan mawawala ito. Just let me be all right? In time... I promise makaka-move on din ako.”

Nang kumalas siya sa pagkakayakap nito ay nakita niyang nakangiti na ito. Ngunit halatang naroon pa rin ang pag-aalala sa mukha nito.

“Brat, you know I’ll always be here, don’t you?”

“Kasasabi mo nga lang kanina na hindi ka palaging nandiyan ka, eh,” biro niya dito upang gumaan kahit papaano ang nararamdaman nila at mawala ang tensyon.

“You know what I mean,” anito.

“Asus! Kahit giyerahin ka pa ni Hannah?”

“Mabait iyon. Understanding pa,” anito. Martin had only good words for Hannah. Dahil mahal ito ng taong pinakamamahal niya.

“Siyempre iba na kapag mag-asawa na kayo.”

“You’ll always be my brat and you can always count on me,” anito at bahagya pang ginulo ang buhok niya. Sa gesture pa lang nitong iyon ay kitang-kita nang parang maliit na bata pa rin ang tingin nito sa kanya. Iyong tipong hindi maaaring seryosohin dahil batang-isip pa.

Hindi niya napigilang malungkot na mapangiti. “So, when is the wedding?”

“Few months from now,” sagot nito.

“Kung hindi ko pa narinig kina Mama, hindi ko pa malalaman,” kunway pagtatampo niya.

“I was going to tell you soon.”

“I’m happy for you, Mart.”

Nawala ang ngiti sa mga labi nito. “Will you be okay, Claud?” nag-aalalang tanong nito.

“I will be. Malay mo, bago ka pa ikasal, eh, hindi na kita mahal,” aniya dito sabay kindat. “I’ll go ahead,” paalam niya.

“Goodnight, brat,” narinig pa niyang turan nito bago tuluyang maisara ang gate.

“Goodbye, Martin,” may luha sa mga matang tugon niya.

4

“Hey girl, ano ka ba? Alas onse na ng tanghali, nandito ka pa rin sa room mo at hindi ka pa bumababa,” ani Monique kay Claudine nang akyatin siya nito sa silid niya.

Matapos niya itong pagbuksan ng pinto ay muli siyang dumapa sa kama at itinakip ang unan sa ulo niya.

“Balak mo ba talagang mag-vigil dito sa kuwarto mo buong araw?” ani Monique sabay palundag na naupo sa gilid ng bed niya.

Hindi kumibo si Claudine.

“Text ako nang text sa ’yo, pero hindi ka nagreply. Hindi mo rin sinasagot mga tawag ko. Alam mo namang naghihintay ako ng balita, ‘no!’”

Hindi pa rin kumibo si Claudine. Kumilos na si Monique at ito na mismo ang nagtanggap ng unan na nakatakip sa ulo niya.

“Hey, tell me what happened!” malakas na sigaw nito.

“Ano?” bulalas niya habang nakadapa pa rin at

nakasubsob ang mukha sa kama.

“Gusto kong malaman kung ano’ng nangyari. Pinuntahan ka ba ni Martin sa bar? Nagkausap ba kayo? Nasabi mo ba sa kanya iyong damdamin mo? Anong reaksiyon niya?”

Sunud-sunod ang mga tanong nito. Hindi naman niya alam kung ano ang unang sasagutin. Besides, parang ayaw pa nga niyang magkuwento. Hindi pa siya nakaka-recover sa nangyari sa kanila ni Martin kagabi.

“Claudine!” muling tili ni Monique nang hindi pa rin siya magsalita. Doon na siya tumihaya.

“Ano ka ba? Ang ingay-ingay mo,” naniningkit ang mga matang saad niya.

Wala talaga siyang balak na lumabas ng kuwerto. Balak niya ay doon lamang siya maglagi buong araw. Gusto niyang mahiga lang. Makinig ng mga kanta sa radyo. Magmuni-muni. And yes, umiyak! Besides, she was actually brokenhearted!

“Ano nangyari last night? Magkuwento ka naman!” pakiusap nito.

Nagpakawala siya ng isang buntong-hininga kasabay ng pagtangu-tango.

Nakita niyang nanlaki ang mga mata nito. Isinampa nito ang mga paa sa ibabaw ng kama at ipinagkrus ang mga iyon.

“Really? Ano’ng sabi niya? Anong reaksyon? Na-shock ba? Na—”

“Puwede ba, Monique, isa-isa lang,” nakasimangot na turan niya. “Hindi ko naman puwedeng sabay-sabay na sagutin ang napakarami mong tanong.”

“All right, all right,” anitong umakma pang hinihimas-himas ang sarili nitong dibdib upang kunwa ay payapain ang sarili. “Okay, one question at a time. Pinuntahan ka ba niya sa bar?” unang tanong nito.

Tumango si Claudine.

“And then?”

“Hinativ niya ako pauwi.”

“And?” atat na tanong nito.

“Habang pauwi saka ako nag-profess sa kanya...”

“Really?” nanlalaki na naman ang mga matang bulalas nito. “Ano’ng sabi niya? Ano’ng reaksyon niya?”

Napabuntong-hiningasiya. “Asexpected. Nagulat siya. Hindi siya makapaniwala. Pinagkamalan pa niyang infatuation lang daw ang nararamdaman ko para sa kanya.”

“Really?”

“Na baka masyado ko lang daw siyang ina-admire kasi nga palagi siyang nand’on para makinig sa akin at unawain ako. Baka grateful lang daw akong masyado kaya naipagkamali ko sa pag-ibig iyong nararamdaman ko sa kanya. Ganoon...”

“Ano’ng sabi mo naman?”

“I told him I have loved him since highschool. Na hindi lang infatuation ang nararamdaman ko para sa kanya. Pinipilit pa rin niya na ganoon nga. And he was very worried about me. Pakiramdam ko pa nga naaawa sa akin si Martin, eh.”

“Bakit mo naman nasabi iyon?”

“Madalas kasi niyang sabihin na I was the sister he never had. Kaya siguro siya nag-aalala. But I assured him na malalagpasan ko rin iyong damdamin ko sa kanya. Na makakalimutan ko rin siya. Ganoon...”

Narinig niya ang pagbuntong-hininga ng

kaibigan. “Claud, magiging okay ka rin makikita mo. Napalaya mo na iyong matagal nang nakatago diyan sa puso mo. Wala ka nang kailangang itago pa. Alam ko na makakalimutan mo rin si Martin in due time.”

Malungkot na ngiti ang ibinigay niya kay Monique.

“At alam mo ba kung ano iyong pinakamasakit? Hindi na nga niya matutugunan iyong damdamin ko, nagdududa pa siya sa nararamdaman ko. He sees me as an irresponsible and impulsive brat, kaya iniisip niya na hindi reliable iyong nararamdaman ko kaya hindi ko iyong puwedeng tawaging pag-ibig. Ang labo talaga ng lalaking iyon,” aniya sabay pahid sa luhang nakatakas mula sa kanyang mga mata.

“Claud, isipin mo na lang na matagumpay mong nagawa iyong unang hakbang. Hindi man magiging madali iyong mga susunod pa, at least hindi na iyon magiging kasing-hirap at kasing-sakit nung first step. You know what I mean?”

“Mahal na mahal ko si Martin. Gusto kong sabihin sa kanya kagabi na bigyan niya ako ng pagkakataon. Gusto kong sabihin na ako ang karapat-dapat na babae para sa kanya. Pero alam kong wala akong

karapatang gawin iyon. Kasi kahit anong gawin ko, hindi ako si Hannah. Hindi ako ang mahal niya. Kahit sabihin ko pang perfect ako para sa kanya, wala pa ring mangyayari kasi si Hannah na ang may hawak sa puso niya. For Martin, I will always be just the kid sister he never had. Hanggang doon lang...”

Pagkatapos niyon ay umiyak si Claudine nang umiyak. Ang akala niya ay naubos na niya lahat ng luha niya kagabi. Ngunit heto na naman ang mga pasaway niyang luha at nag-uunahan na namang bumagsak sa kanyang mukha.

Hinayaan lamang siya ni Monique na umiyak nang umiyak. Kahit ano pang gawin niya, kahit ilang beses pa niyang sabihin sa sarili na mas mabuti na iyon at at least ay napalaya niya ang nararamdaman, but deep down inside her, she was still hurting.

At sa kaibuturan ng kanyang puso, naroon pa rin at nagkukubli ang pag-asam na sana ay maaari na lamang niyang angkinin ang puso ni Martin. If only she could do that.

Pormal nang ini-announce nang gabing iyon ang nalalapit na kasal nina Martin at Hannah sa kasalukuyang ginaganap na engagement party.

Malakas na palakpakan ang narinig mula sa mga guests. Isa-isang lumapit ang mga iyon upang batiin ang dalawa.

Claudine did not want to attend the party but she had no choice. Magiging kapansin-pansin ang hindi niya pagdalo hindi lamang sa mama at papa niya kundi lalung-lalo na kay Martin.

Baka isipin pa nitong nasasaktan siya kaya hindi siya dadalo. Kahit na iyon pa ang tunay na dahilan, ayaw pa rin niyang malaman iyon ng binata. But she was dying inside. Hindi niya alam kung hanggang kailan siya tatagal habang pinagmamasdan ang masayang-masayang sina Martin at Hannah.

Hindi na siya nag-aksaya pang lumapit sa mga ito. Alam niya kung hanggang saan ang kakayanin ng kanyang puso. At kapag nagtangka pa siyang lumapit kina Martin at Hannah upang batiin ang mga ito ay hindi niya masasabi kung mapipigilan niya ang pagpatak ng kanyang luha. How she wished na sana ay naroon si Monique upang makausap niya. Ngunit kasalukuyang nasa Boracay ang kaibigan kasama ang nobyo nitong si Kit.

Sa isang five-star hotel ginanap ang engagement party. Pagdating na pagdating nila doon ay humiwalay na siya sa mama at papa niya dahil nakigrupo ang

mga ito sa mga kaibigan ng kanilang pamilya.

Pumuwesto lamang siya sa lugar na hindi siya mapapansin nina Martin at Hannah. At ngayong abala ang lahat sa pagbati sa dalawa ay nagpasya siyang magtungo muna sa labas upang makahinga dahil pakiramdam niya ay kailangan niya ng hangin. Nang mamalayan niyang tumulo ang luha sa kaliwang pisngi ay kaagad niya iyong pinahid.

Ilang beses siyang humugot ng malalim na paghinga at pinakawalan iyon upang kahit paano ay pagaanin ang pakiramdam. Kung iisipin niyang mabuti, totoo namang very grateful siya kay Martin. Kasi pinagtiyagaan siya nito. Pinagtiyagaan nito ang topak at mga tantrums niya.

Kung tutuusin mas nakikinig pa siya dito kaysa sa parents niya. Kapag sinesermunan siya ng mama o kaya ng papa niya ay pasok sa isang tainga at labas sa kabila lang ang ginagawa niya. Kung minsan pa nga ay nangangatuwiran siya. Pero kapag si Martin na ang nagsalita ay tumatahimik lang siya at nakikinig sa mga sinasabi nito.

Yes. He could have been his older brother. Mas simple pa sana ang lahat kung ganoon nga ang nangyari. But her heart seemed to have a mind of its own. Minahal niyon at labis na pinahalagahan si

Martin nang higit sa dapat.

Napagdesisyunan na ni Claudine na hindi siya dadalo sa kasal ni Martin. Magbabakasyon na lang siya sa lola niya na nasa California bago at hanggang matapos ang kasal nito. Dahil ngayon pa nga lang na engagement party ay nahihirapan na siya, paano pa kaya kung sa mismong araw na ng kasal nila?

Nagpalipas pa siya ng ilang minuto doon bago nagpasyang bumalik na sa party. Dumaan muna siya ng comfort room upang ayusin ang hitsura. Baka kasi may makahalata na galing siya sa pag-iyak.

Pagpasok sa comfort room ay laking pasasalamat niya at tila walang tao doon. Pinagmasdan niya ang sarili sa salamin. Nang makitang halatang galing siya sa pag-iyak ay ni-retouch niya ang manipis na make-up na inilagay niya sa mukha. Nang maramdaman niya sa sarili na hindi pa siya handang lumabas ay pumasok na lamang siya sa loob ng cubicle.

Isinara niya ang takip ng bowl at umupo doon. Limang minuto ang dumaan habang nakatunganga lamang siya doon. Nang maramdamang maiiyak na naman siya at ma-realize na para siyang timang ay nagpasya na siyang lumabas ng cubicle.

Tatayo pa lamang siya nang marinig niyang

bumukas ang pinto. Napahinto siya sa gagawin. Hihintayin na muna niyang makalabas ang kung sinumang iyon bago siya lumabas. Wala siya sa mood na makipagngitian kaya mabuti pang manatili na lang muna siya sa loob ng cubicle.

“Hay, sa wakas!” narinig niyang sabi ng isang tinig na kilalang-kilala niya. Hindi siya maaaring magkamali. Kay Hannah ang tinig na iyon.

“Ilang linggo na lang ay maikakasal ka na kay Martin, anak,” narinig niyang turan ng kasama ni Hannah na alam niyang si Aling Idad.

“Ilang linggo na lang, Inay, at mapapabilang na ako sa mga Dela Serna. Matutupad na lahat ng pangarap ko. Mapapabilang na ako sa angkang tinitingala...”

Nagulat si Claudine sa sinabing iyon ni Hannah. Tila ba nasa tono ng pananalita nito na tanging ang magiging estado lamang ni Martin ang mahalaga para dito. At hindi rin nakaligtas sa pandinig niya ang himig ng tagumpay sa tinig na iyon ni Hannah.

“Nakita mo na ang maaabot mo kapag nakikinig ka sa akin?” narinig niyang sabi ni Aling Idad. “Hindi puso ang dapat mong pairalin sa panahong ito, Hannah, kundi isip. Maaabot mo ba ang estado mong

ito kung si Efren ang pinili mo at hindi ka nakinig sa akin na si Martin dapat ang pinagpaplanuhan mong makuha?”

“Tama kayo, Inay,” narinig niyang turan naman ni Hannah. “Si Martin ang kasagutan ng mga pangarap ko. Si Martin ang magbibigay ng kaginhawaang inaasam ko noong bata pa lang ako. At ngayong abot-kamay ko na ang tagumpay, hindi ko hahayaang may umagaw pa niyon sa akin.”

“Nakatulong ng malaki ang pagiging baliw na baliw sa 'yo ng lalaking iyon,” narinig niyang dagdag pa ni Aling Idad.

Malutong na halahak naman ang sumunod niyang narinig mula kay Hannah. Kung maaari nga lamang niya sanang mai-record ang pag-uusap na iyon ng oportunistang mag-ina. Sinasabi na nga ba niya at wala siyang tiwala kay Hannah. Nagbabait-baitan lamang pala itong talaga. Nagtiim ang bagang ni Claudine sa isiping napakatagal na pala nitong niloloko ang lalaking pinakamamahal niya.

“Kumagat sa bitag natin si Martin, Inay. Konting arte lang ay madali na siyang nahulog sa akin. Hah! Ang akala ng lalaking iyon ay isang santa ang mapapangasawa niya. Hindi niya alam na siya ang magiging tungtungan ko sa pangarap kong maging

mayaman at kilalang tulad nila,” sabi pa ni Hannah.

“Kaya nga ingatan mo ang estado mo, Hannah. Huwag mong hahayaang mawawala pa ‘yan sa ‘yo. Magbubuhay-doña ka sinasabi ko sa ‘yo ‘yan, anak.”

“Poor Martin dela Serna,” nang-uuyam pang pahayag ni Hannah.

Halos panginigan siya ng katawan sa mga narinig na salita buhat sa mag-ina. Ilang sandali siyang tila hindi nakagalaw. Lalabas na lamang sana si Claudine upang komprontahin ang mga ito nang marinig niyang may iba pang pumasok sa loob ng comfort room. Nang lumabas siya ng cubicle ay hindi na niya nakita pa sina Hannah at Aling Idad.

Hindi niya mapaniwalaan ang hindi sinasadyang pagkakatuklas sa hindi magandang binabalak ng mag-inang Hannah at Aling Idad. Inakala marahil ng mga ito na walang tao doon dahil sa pinakadulong cubicle siya naroon at tahimik na tahimik ang lugar. Buo ang pag-aakala ni Martin na natagpuan na nito ang babaeng karapat-dapat para dito. Akala nito ay ginto na ang natagpuan sa katauhan ni Hannah.

Iyon pala ay isa lamang tanso ang babaeng iyon sa sama ng ugali niyon. Makakaya nitong manggamit ng tao at magpanggap makamit lamang ang yamang

hinahangad nito. Kaya nga ba hindi siya napalapit kay Hannah kahit anong pilit niya.

Gulung-gulo siya nang mga sandaling iyon. Hindi niya alam kung paano ipapaalam iyon kay Martin. Natitiyak niya na hindi siya paniniwalaan nito sakaling sabihin niya ang mga narinig buhat mismo kina Hannah at sa ina nito.

Sa klase ng pagmamahal at concern na ipinapakita ni Martin para kay Hannah, hindi niya ito basta-basta mapapaniwala na may binabalak na masama si Hannah kasabwat ang ina nito, lalo pa at alam na nitong may damdamin siya para dito. Nasisigurado niyang iisipin ng binata na paraan niya iyon upang sirain ang relasyon ng mga ito. Lalo pa at alam na nito ang damdamin niya para dito.

Kahit nang makalabas na siya ng comfort room ay gulung-gulo pa rin ang isip niya. Habang pinagmamasdan ang sweet na sweet na sina Martin at Hannah habang nagsasayaw sa dancefloor ay mangali-ngali na niyang haltakin ang babaeng iyon palayo sa binata. Gusto niyang isigaw na hindi ito ang babaeng karapat-dapat para sa kaibigan.

Paano niya magagawang sabihin sa binata ang masamang balak ni Hannah? Na sa likod ng maamo at mala-anghel na mukha niyon ay nagtatago ang

All For Love - Cali Delfin

isang oportunistang babae.

She needed to find a way to tell Martin everything that she found out. Kung hindi kaya, kailangan niyang pigilan ang pagpapakasal nito sa babaeng iyon! Ngunit kung paano at ano ang gagawin niya ay hindi niya alam.